DepEd ADVISORY No. **316**, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
June 28, 2012

KUMPERENSIYANG PANGWIKA NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO (KWF):
IKATLONG SERYE

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pamamahala ng Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ay magdaraos ng ikatlong serye ng kumperensiyang Pangwika na may paksang: *"Ang Wikang Filipino: Hamon sa Mataas na Kalidad ng Pampaaralang Pahayagan"* sa Agosto 30-31, 2012. Ang unang araw ay gaganapin sa Bulwagan ng Karunungan, DepEd Central Office, Meralco Avenue, Pasig City at ang ikalawang araw ay sa City State Hotel para bigyan daan ang pagdalo sa Araw ng Gawad (Pampinid na Palatuntunan) bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa na isusunod pagkatapos ng sintesis at pagkakaloob ng Katibayan ng Paglahok.

Ang layunin ng kumperensiya ay ang mga sumusunod:

a. matalakay ang wikang Filipino bilang hamon sa pagtugon sa pagpapataas ng kalidad ng pampaaralang pahayagan;
b. makapagbigay ng mga komentaryo at mungkahi sa pagbuo ng Patnubay sa Pampaaralang Pamamahayag;
c. talakayin ang gamit ng wikang Filipino sa pagsulat teknikal at sa iba pang kauring seksiyon;
d. maitaas ang paraan ng pag-eedit ng mga pampaaralang pahayagan; at
e. matalakay ang Kodigo ng Kagandahang Asal sa pamamahayag.

Ang dapat dumalo sa kumperensiyang ito ay ang mga piling panrehiyon at pansangay na mga tagapayo ng mga pampaaralang pahayagan ng Kagawaran ng Edukasyon.

Walang bayad ang rehistrasyon, sagot ng Komisyon sa Wikang Filipino ang pagkain (3 meryenda at 2 tanghalian) at supplies na gagamitin sa kumperensiya.

Para sa inyong kumpirmasyon at sa iba pang detalye, mangyaring makipag-ugnayan sa Sangay ng Impormasyon at Publikasyon ng Komisyon sa Wikang Filipino, 2/F Watson Bldg., 1610 JP Laurel, Malacañan Palace Complex, San Miguel, 1005, Maynila o tumawag sa telepono blg.: (02) 736-2519 sa o bago dumating ang Agosto 10, 2012.

R-MCR/A-Kumperensiya sa Wika
1346/June 14, 2012